





| MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 3 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | GMRC |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | AUGUST 4-8, 2025 (WEEK 8) | Markahan at Linggo: | Unang Markahan |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga pansariling karapatan na kinikilala sa pamayanan. | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga gawain na nagbibigay-halaga sa mga karapatang tinatamasa ng bawat bata bilang tanda ng pagiging magalang. | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Nakapagsasanay sa pagiging magalang sa pamamagitan ng wastong pakikitungo sa kapuwa sa iba't ibang situwasyon<br>a. Naiisa-isa ang mga pansariling karapatan na natatamasa ng isang bata sa pamayanan<br>b. Naipaliliwanag na ang mga pansariling karapatan na kinikilala sa pamayanan ay nagtitiyak sa kaligtasan at matiwasay na pamumuhay ng bawat bata<br>c. Naisasakilos ang mga gawain na nagbibigay-halaga sa mga karapatang tinatamasa ng bawat bata | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *D. Mga Layunin* | Nakakikilala ng mga pansariling karapatan na natatamasa ng isang bata sa pamayanan.<br><br>Naipahahayag na ang mga pansariling karapatan na kinikilala sa pamayanan ay nagtitiyak sa kaligtasan at matiwasay na pamumuhay ng bawat bata. | Naiisa-isa ang mga pansariling karapatan na natatamasa ng isang bata sa pamayanan<br><br>Naiuugnay na ang mga pansariling karapatan na kinikilala sa pamayanan ay nagtitiyak sa kaligtasan at matiwasay na pamumuhay ng bawat bata | Naisasakilos ang mga gawain na nagbibigay-halaga sa mga karapatang tinatamasa ng bawat bata<br><br>Nakapagsusuri na ang mga pansariling karapatan na kinikilala sa pamayanan ay nagtitiyak sa kaligtasan at matiwasay na pamumuhay ng bawat bata | Nakapagsasanay sa pagiging magalang sa pamamagitan ng wastong pakikitungo sa kapuwa sa iba't ibang situwasyon<br><br>Napatutunayan na ang mga pansariling karapatan na kinikilala sa pamayanan ay nagtitiyak sa kaligtasan at matiwasay na pamumuhay ng bawat bata |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *E. Lilinanging Pagpapahalaga* | Magalang (Respect) | | | |
| **II. NILALAMAN/PAK SA** | Mga Pansariling Karapatan na Kinikilala sa Pamayanan | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | MATATAG GMRC 3 Curriculum Guide | MATATAG GMRC 3 Curriculum Guide | MATATAG GMRC 3 Curriculum Guide | MATATAG GMRC 3 Curriculum Guide |
| *B. Iba pang Kagamitan* | Tisa/Yeso<br>Pisara<br>Papel<br>Panulat | Tisa/Yeso<br>Pisara<br>Papel<br>Panulat | Tisa/Yeso<br>Pisara<br>Papel<br>Panulat | Tisa/Yeso<br>Pisara<br>Papel<br>Panulat |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |

<table>
<tr>
<td>Panimulang Gawain</td>
<td>● Pananalangin<br>● Mindfulness – Hayaan ang mga bata na magkaroon ng 2 minutong paghinga ng malalim at magpokus lamang sa magiging gawain at aralin sa araw na ito.<br>● Balik-aral<br>Naaalala ba ninyo ang inyong mga karapatang tinatamasa?<br>Ipakita ang mga larawan:<br></td>
<td>● Pananalangin<br>● Balik-Aral<br>Ilahad ang mga larawan sa mga mag-aaral.<br><br>Larawan ng mga batang nag-aaral<br><br>Larawan ng mga batang naglalaro</td>
<td>● Pananalangin<br>● Balik-Aral<br>Sabihin:<br>Kung sa palagay ninyo na ang aking babanggitin ay isang halimbawa ng karapatan, itaas ninyo ang inyong kamay. Kung hindi naman ay umupo.<br>- Gumamit ng pampublikong pasilidad gaya ng palaruan.<br>- Magkalat sa mga pampublikong pasilidad.<br>- Makatanggap ng mataas na kalidad ng edukasyon.<br>- Lumiban sa klase at hindi makinig sa mga talakayan.<br>- Maprotektahan mula sa anumang pinsala (harm).<br>- Manakit ng kaibigan at kamag-aral.</td>
<td>● Pananalangin<br>● Balik-Aral<br>Pagpapakita ng larawan ng mga pansariling karapatan ng mga batang Pilipino<br>Itanong:<br>Ano-ano ang mga pansariling karapatan na tinatamasa ng mga bata ang ipinakikita sa mga larawan?<br>● Pagganyak<br>Ilahad ang mga larawan na nagpapahayag ng</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | #1 - Larawan ng mag-anak na nasa hapag kainan kung saan makikita ang tray ng prutas sa mesa<br><br>#2 - Larawan ng mga batang naglalaro sa parke<br><br><br>#3 - Larawan ng mga batang tumatawid sa pedestrian lane<br>**Itanong:**<br>Ano-anong mga karapatang tinatamasa mo batay sa mga inilahad na larawan?<br>● **Pagganyak**<br>Hanapin ang mga salitang maiuugnay sa ating aralin | <br>Larawan ng mga batang namumulot ng basura<br><br>Larawan ng mga batang nailigtas sa kapahamakan<br>**Itanong:**<br>Alin sa mga larawan ang nagpapakita ng pagtatamasa ng inyong karapatan? *(Maari pang magbigay ng tanong ang guro base sa magiging tugon ng mga mag-aaral.)*<br>**Pagganyak**<br>Pakinggan at awitin ang « **Bawat Bata** » na inawit ng Apo Hiking Society<br>(Maaaring gumamit ng *audio recording* ng awitin o anumang paraan upang mailahad ang awit) | - Mabigyan ng sapat na paggabay.<br>- Magsabi ng masasakit ng pananalita sa kapuwa.<br>- Makipagkaibigan<br>(Kung may mag-aaral na naiiba ang sagot, maaring tanungin siya kung bakit ganoon ang kaniyang sagot, at kung mali ang sagot ng mag-aaral kaya siya naiiba, mahinahong ipaliwanag kung bakit mali ang kanyang sagot.)<br>**Pagganyak**<br>**Awit**<br>(Awitin kasama ang mga mag- aaral.)<br>Kung ikaw ay masaya tumawa ka. (Hahaha)<br>Kung ikaw ay masaya tumawa ka. (Hahaha)<br>Kung ikaw ay masaya buhay mo ay sisigla,<br>Kung ikaw ay masaya tumawa ka. (Hahaha)<br>(Maaring gumamit ng ibang kanta o tugtog ang guro.) | wastong pakikitungo sa kapwa<br>Gabay na tanong:<br>1. Ano-anong wastong pakikitungo sa kapuwa ang makikita sa mga larawan?<br>2. Ano-anong mga pansariling karapatan na kinikilala sa pamayanan at nagtitiyak sa kaligtasan at matiwasay na pamumuhay ng bawat bata ang makikita? |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | B | C | D | E | F | **B** | G | H |
| K | L | M | N | O | P | **A** | J | I |
| **K** | **A** | **R** | **A** | **P** | **A** | **T** | **A** | **N** |
| Q | R | D | F | **A** | G | **A** | M | J |
| R | K | L | O | **N** | Q | W | E | R |
| S | T | Y | U | **G** | I | O | P | L |
| T | S | D | F | **A** | H | Y | U | K |
| **P** | **A** | **M** | **I** | **L** | **Y** | **A** | N | T |
| **E** | **D** | **U** | **K** | **A** | **S** | **Y** | **O** | **N** |
| V | W | X | Y | **N** | Z | M | N | O |

Narito ang mga *clues*:

- Taong walang sapat na gulang, partikular sa pagitan ng pagiging sanggol at adolesente (BATA)
- Salita o mga salitáng ginagamit upang tukuyin ang anuman na pagkakakilanlan (PANGALAN)
- Anumang dapat tamasahin ng isang indibidwal o pangkat. (KARAPATAN)
- Pinakamaliit na yunit ng lipunan (PAMILYA)
- Sistematikong proseso ng pagtuturò o pag-aaral sa isang institusyon (lalo na sa paaralan) (EDUKASYON)

**Gabay na Tanong:**

1. Ano-ano mga salita ang nahanap mo?

Ang bawat bata sa ating mundo
Ay may **pangalan**, may **karapatan**
Tumatanda ngunit bata pa rin Ang bawat tao sa ating mundo

Hayaan mong **maglaro** ang bata sa araw
Kapag umulan nama'y magtatampisaw
Mahirap man o may kaya
Maputi, kayumanggi
At kahit ano mang uri ka pa Sa 'yo ang mundo 'pag bata ka

Ang bawat bata sa ating mundo
Ay may **pangalan**, may **karapatan**
Tumatanda ngunit bata pa rin Ang bawat tao sa ating mundo


Bawat nilikha sa mundo'y
**Minamahal** ng Panginoon Ang bawat bata'y may **pangalan**
May **karapatan** sa ating mundo

**Gabay na Tanong:**

1. Ano ang damdamin mo habang umaawit?
2. Ano ang mensahe ng awit?
3. Ano-ano ang mga karapatan nabanggit sa awit?

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 2. Bakit mahalagang matutuhan ng batang tulad mo sa ikatatlong baitang inyong mga karapatan? Ipaliwanag | | | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | **Sabihin ng guro:**<br>Sa araling ito, inaasahan na kayo ay:<br>a. Nakakikilala ng mga pansariling karapatan na natatamasa ng isang bata sa pamayanan.<br>b. Naipahahayag na ang mga pansariling karapatan na kinikilala sa pamayanan ay nagtitiyak sa kaligtasan at matiwasay na pamumuhay ng bawat bata. | **Sabihin ng guro:**<br>Sa araling ito, inaasahan na kayo ay:<br>a. Naiisa-isa ang mga pansariling karapatan na natatamasa ng isang bata sa pamayanan<br>b. Naiuugnay na ang mga pansariling karapatan na kinikilala sa pamayanan ay nagtitiyak sa kaligtasan at matiwasay na pamumuhay ng bawat bata | **Sabihin ng guro:**<br>Sa araling ito, inaasahan na kayo ay:<br>a. Naisasakilos ang mga gawain na nagbibigay-halaga sa mga karapatang tinatamasa ng bawat bata<br>b. Nakapagsusuri na ang mga pansariling karapatan na kinikilala sa pamayanan ay nagtitiyak sa kaligtasan at matiwasay na pamumuhay ng bawat bata | **Sabihin ng guro:**<br>Sa araling ito, inaasahan na kayo ay:<br>a. Nakapagsasanay sa pagiging magalang sa pamamagitan ng wastong pakikitungo sa kapuwa sa iba't ibang situwasyon<br>b. Napatutunayan na ang mga pansariling karapatan na kinikilala sa pamayanan ay nagtitiyak sa kaligtasan at matiwasay na pamumuhay ng bawat bata |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | **Sabihin ng guro.**<br>Ating basahin at unawain ang mga salita:<br>a. **karapatan** ay tumutukoy sa anumang dapat tamasahin ng isang indibidwal o pangkat | **Sabihin ng guro.**<br>Ating basahin at unawain ang mga salita:<br>a. **pamayanan** ay partikular na pook na pinaninirahan ng mga táong nauugnay sa isang katangian | **Sabihin ng guro.**<br>Ating basahin at unawain ang mga salita:<br>a. **nagtitiyak** ay pagsusuri sa anuman upang mawala ang alinlangan | **Sabihin ng guro.**<br>Ating basahin at unawain ang mga salita:<br>a. **magalang** ay mapitagan sa matatanda o nakatatanda at |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | b. **pangalan** ay salita o mga salitáng ginagamit upang tukuyin ang anuman na pagkakakilanlan<br>c. **pamilya** ay pinakamaliit na yunit ng lipunan<br>d. **edukasyon** ay sistematikong proseso ng pagtuturò o pag-aaral sa isang institusyon (lalo na sa paaralan) | b. **matiwasay** ay nauukol sa pagiging mapayapa | b. **pamumuhay** ay ang kalagayan o paraan ng pagtahak sa búhay | kumikilala at tumatanggap ng katwiran at karapatan ng kapuwa<br>b. **pakikitungo** ay mga paraan ng pagkilos o pananalita na iniuukol sa kapuwa. |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagbasa/Pag-unawa sa Mahahalagang Ideya* | **Gawain 1.**<br>**Pagbasa ng Maikling Sanaysay**<br>*Maaaring basahin ng guro ngunit mungkahi na basahin ng mga mag-aaral - sabayan man o isahan*<br><br>**Nais Kong Matuto**<br>Nais kong mag-aral at matuto ng maraming bagay. Nais kong matutong magbasa, sumulat, gumuhit, at magpinta. Nais ko rin mag- aral sumayaw, umawit, at tumula.<br><br>Kaya naman ako ay pumapasok sa eskuwela. Sa aming klase, kami ay tinuturuang magbasa, magsulat, gumuhit, at magpinta. Tinuturuan rin kaming sumayaw, umawit, at tumula. | **Kumpletuhin.**<br><br>**Panuto:**<br>Punan ang *graphic organizer.* Ipakita ang salitang **karapatan** sa mga mag-aaral at tanungin sila kung anong mga Karapatan ng bata kanilang tinatamasa.<br><br>**Gabay na tanong:**<br>1.Ano-ano ang mga karapatan ang naisulat mo? | **Gawain.**<br>**Pagbasa ng Maikling Sanaysay**<br><br>**Panuto:**<br>1. Ipapaskil ng guro ang isang sanaysay at babasahin ito sa klase.<br>2. Pagkatapos ay sasagutin ng mga mag-aaral ang mga katanungan.<br><br>**Nais Kong Maging Malusog**<br><br>Nais kong maging malusog. Nais kong kumain sa tamang oras na may sapat at masustansiyang pagkain. Nais kong kumain ng gulay at isda, pati karne at prutas.<br><br>Nais ko rin mag-ehersisyo para lumakas ang aking pangangatawan. Nais kung tumakbo, tumalon, | **Gawain.**<br>Basahin ang tula. Maaaring basahin ng guro ngunit mungkahi na basahin ng mga mag-aaral.<br><br>**Karapatan at Kaligtasan Ko**<br><br>May karapatan bawat isa, tulad ko, munting batang sinta.<br>Sa bahay man o sa eskuwela,<br>Marapat na ligtas at maligaya.<br><br>Karapatang maprotektahan, Sa sakit, gutom, o panganib man. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Dahil dito ay nalilinang ko ang aking mga kakayahan. Magaling na akong magbasa, magsulat, gumuhit, at magpinta. Mahusay na rin akong sumayaw, umawit, at tumula. Mabuti na lamang at ako ay nakakapag-aral.<br><br>**Gabay na tanong:**<br>1. Sino ang tinutukoy sa sanaysay?<br>2. Ano-ano ang nais niyang gawin?<br>3. Anong karapatan ng mga bata ang tinutukoy sa sanaysay?<br>4. Paano mo maipakikita ang paggalang sa karapatan ng iyong kapuwa-bata?<br><br>*(Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa karapatan ng mga bata na malinang ang sariling kakayahan. Ituon ang talakayan sa pagkilala at paggalang sa mga karapatan na natatamasa ng mga bata sa* ***pamayanan****.)*<br>*Maaaring ilista ng guro ang mga sagot ng mga mag-aaral sa pisara.* | 2. Ano ang iyong damdamin kung natatamasa mo ang iyong mga karapatan? Ipaliwanag<br>3. Paano mo igagalang ang karapatan ng bawat batang tulad mo? | maglaro ng isports, at maglakad-lakad. Nais ko rin maging masigla at maliksi sa aking pagkilos at pag-iisip.<br><br>Nais ko rin na maging malayo sa anumang uri ng sakit. Nais kong ipabunot ang masakit kong ngipin. Nais kong magpunta sa doktor upang ipasuri ang aking masamang pakiramdam. Nais ko rin na mabigyan ng tamang gamot at atensiyong **medical**.<br>Mabuti na lamang at may karapatan akong maging malusog sa aking isip at pangangatawan.<br><br>**Gabay na Tanong:**<br>1. Ano-ano ang nais ng bata sa sanaysay?<br>2. Ito ba ay iyong nais din?<br>3. Ano ang iyong mararamdaman kung hindi maibigay sa iyo ang iyong karapatan? | Sa pamayanan,<br>dapat ingatan,<br>Upang matiwasay<br>ang kinabukasan.<br><br>Karapatang maglaro<br>at matuto, Upang<br>pangarap ay maabot<br>ng husto.<br>Kapayapaan at<br>pagmamahal, Ating<br>ialay sa mga batang<br>ating mahal.<br><br>Pansariling<br>karapatan ay<br>kilalanin Bawat<br>bata'y lalaking<br>matulungin<br>Batang magalang<br>at masunurin sa<br>pamayanan Tiyak<br>ang buhay<br>na may kaligtasan<br><br>**Itanong:**<br>1. Ano-anong pansariling karapatan ng mga bata ang nabanggit sa tula?<br>2. Ano ang makakamit ng batang magalang at |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | masunurin sa kanyang pamayanan? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Ideya* | Sabihin sa klase:<br>Basahin ang maikling kuwento.<br>**Ang mga Karapatan ni Liz**<br>Si Liz ay isang masayahing bata na may mabuting **pamilya** na nagmamahal at nag-aalaga sa kanya. Binigyan siya ng kanyang mga magulang ng magandang **pangalan** na nagpapakilala sa kanya sa paaralan at sa komunidad. Sa tulong ng kanyang pamilya, **nakakapag-aral siya at natututo** ng iba't ibang bagay na makakatulong sa kanyang kinabukasan. Sa paaralan, tinuturuan sila ng kanilang guro tungkol sa kanilang mga karapatan, tulad ng **karapatang magkaroon ng pangalan, pamilya, at edukasyon**. Alam ni Liz na napakahalaga ng mga ito dahil sa pamamagitan ng edukasyon, matutupad niya ang kanyang mga pangarap, at sa pagmamahal ng kanyang pamilya, siya ay lumalaking mabuti at masaya | **Sabihin:**<br>Natutuwa ako dahil nauunawaan na ninyo ang inyong mga karapatan bilang bata. Sa pagkakataong ito ay magkakaroon tayo ng pangkatang gawain. Mula sa sanaysay na may pamagat-<br>**Nais Kong Malayang Mamuhay**<br>**Unang Pangkat-**<br>Basahin ang maikling sanaysay<br>**Unang pangkat :**<br>Nais kong malayang mamuhay. Nais kong makapagpahayag ng aking mga ideya at saloobin. Nais kong masabi kung ako ay masaya, malungkot, galit o takot. Nais ko rin makapagbigay ng mungkahi o sumagot sa mga tanong.<br>**Ikalawang pangkat:**<br>Nais kong malayang mamuhay. Nais kong sumamba o magsimba. Nais kong pumunta sa pook dalanginan o kaya naman ay magbasa ng Banal na Aklat. **Ikatlong pangkat:**<br>Nais kong malayang mamuhay. Nais kong makapaglaro at maglibang. | **LIGHTS, CAMERA, ACTION…….**<br><br>Ang guro ay magbibigay ng mga situwasyon sa mga mag- aaral at ito ay kanilang isasakilos na may kinalaman sa kanilang karapatan.<br>Bibigyan ng limang minuto ang bawat pangkat sa pagsasagawa ng gawain na ito.<br><br>*Scene 1*. May bagong mag-aaral sa aming klase. Ako ay ________________.<br>*Scene 2*. Mayroong nambu-*bully* sa akin. Ako ay ___________________.<br>*Scene 3*. Masakit ang aking ngipin. Ako ay ___________________.<br>*Scene 4*. Naghahanap ng mga bagong kasapi ang organisasyon ng *Boy Scouts* at *Girl Scouts* sa aming paaralan. Ako ay ___________________.<br>*Scene 5*. Ngayon ay araw ng pagsamba. Ako ay ________<br><br>**Suhestiyong Rubriks** | **Magpakita ng mga larawan.**<br>(larawan ng guro na nagtatalakayan sa klase, larawan ng batang humihingi ng tulong, larawan ng batang lalaki na humihiram ng laruan)<br>**Itanong:**<br>1. Paano ang tamang pakikitungo kapag tinatawag ka ng iyong guro?<br>2. Paano ka hihingi ng tulong sa iyong magulang?<br>3. Paano ang magalang na paghiram ng laruan?<br>4. Kung ikaw ang nagpapahiram ng laruan paano mo maipakikita ang paggalang sa humihiram ng laruan mo? |

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td>Ikaapat na pangkat:<br>Nais ko rin makipagkaibigan. Nais kong sumali sa mga samahan na naaayon sa aking interes at kakayahan. Mabuti na lamang at may karapatan akong malayang mamuhay<br><br>Pamprosesong Tanong:<br>1. Ano-anong mga karapatan ang binanggit ng bawat pangkat<br>2. Mula sa mga karapatang nabanggit, alin sa mga iyon ang inyo ng tinatamasa?<br>3. Bakit mahalaga mong malaman at maunawaan ang iyong karapatan bilang bata?<br><br>(Maaaring magdagdag pa ang guro ng mga pamprosesong tanong para sa higit na pagkaunawa ng mga mag-aaral.)</td>
<td><table>
<tr><td>Pamantayan</td><td>Nakasunod sa pamantayan nang higit sa inaasahan (5)</td><td>Nakasunod sa Pamantayan subalit may ilang pagkukulang (3)</td><td>Hindi nakasunod sa pamantayan (1)</td></tr>
<tr><td>Nasunod ang pamamaraan at nakabuo ng sariling disenyo</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Gumamit ako ng proseso sa bawat hakbang sa paglilimbag sa pagbuo ng disenyo.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Naipaliwanag ko ang natapos na likhang sining</td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table></td>
<td>5. Bakit dapat laging magpakita tayo ng paggalang sa lahat?<br>6. Ano ang iyong makakamit kapag lagi kang magalang sa kapwa?</td>
</tr>
<tr>
<td>Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Ideya</td>
<td>Mga gabay na tanong:<br>1. Tungkol saan ang kuwentong inyong binasa?<br>2. Pansinin ang mga salitang may salungguhit. Ano ang ipinahahayag na mga karapatan ni Liz at tulad mo rin isang bata? Ipaliwanag<br>3. Sa inyong palagay, mahalaga ba makakikilala mo ang mga pansariling karapatan na natatamasa</td>
<td>Sabihin:<br><br>Mula sa binasa ng bawat pangkat ay nakita ko ang pagnanasa ng bawat isa sa inyo na higit na maunawaan ang aralin.<br>Upang higit nating maunawaan ito, narito ang ilan sa dapat ninyong tandaan.<br>Ang mga pansariling karapatan na tinatamasa ng</td>
<td>Muling pakikinig/ pag-awit ng ‘Bawat Bata’ ng Apo Hiking Society<br>(Maaaring magpapatugtog ng awit na ‘Bawat Bata’ ng Apo Hiking Society.<br><br>Mga gabay na tanong:<br>1. Ano-anong karapatan ng isang bata ang binanggit sa awitin? Ito ba ay iyong nakakamit?</td>
<td>Tamang Ugali at Gawi"<br>(Role-Playing)<br>1. Pangkatin ang klase na may tig-limang miyembro sa bawat grupo.<br>2. Ang bawat grupo ay bibigyan ng isang sitwasyon kung saan</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ng isang bata sa pamayanan? Bakit?<br><br>Sabihin ng guro:<br>● **Karapatang magkaroon ng pamilya at pagmamahal**.<br>Ang mga bata ay may karapatan na lumaki sa isang mapagmahal at suportadong pamilya, kung saan nararamdaman nila ang pag-aalaga at pagkalinga.<br>● **Karapatang magkaroon ng edukasyon.**<br>Ang bawat bata ay may karapatang makapag-aral at magkaroon ng access sa de-kalidad na edukasyon upang matutunan ang mga kasanayan at kaalaman na magbibigay sa kanila ng magandang kinabukasan.<br>● Ang mga karapatang ito ay nakasaad sa *United Nations Convention on the Rights of the Child* at layuning tiyakin na ang mga bata ay lumalaki sa isang ligtas, makatarungan, at maayos na kapaligiran. | isang bata sa pamayanan ay mahalaga upang matiyak ang kaligtasan, kapakanan, at pag-unlad.<br>**Karapatang magkaroon ng edukasyon.**<br>Ang bawat bata ay may karapatang makapag-aral at magkaroon ng **access** sa de-kalidad na edukasyon upang matutunan ang mga kasanayan at kaalaman na magbibigay sa kanila ng magandang kinabukasan.<br>**Karapatang maprotektahan laban sa pang-aabuso at pagsasamantala.**<br>Ang bawat bata ay may karapatang malayo sa anumang uri ng pang-aabuso, pang-aalipin, o anumang uri ng pisikal, emosyonal, o sekswal na pananakit.<br>**Karapatang magkaroon ng pamilya at pagmamahal.**<br>Ang mga bata ay may karapatan na lumaki sa isang mapagmahal at suportadong pamilya, kung saan nararamdaman nila ang pag-aalaga at pagkalinga.<br>**Karapatang maglaro at magpahinga.**<br>May karapatan ang mga bata na maglaro, magpahinga, at makatagpo ng oras para sa kasiyahan at libangan bilang bahagi ng | 2. Mahalaga ba na ang bawat bata ay may pagkilala at paggalang sa karapatan ng bawat isa?<br>3. Ano ang iyong nararamdaman kung hindi mo nakakamit ang karapatan mo bilang bata? Masaya ka ba o malungkot? | kailangang ipakita ang pagiging magalang.<br>3. Ang bawat grupo ay magpapakita ng isang maikling *role- play* o pagsasadula ng tamang kilos sa ibinigay na sitwasyon<br><br>Sitwasyon:<br>1. Tamang pagtugon / pakikitungo kapag tinatawag ka ng iyong guro<br><br>2. Paghingi ng tulong sa magulang o tagapangalaga kung masakit ang ngipin<br><br>3. Magalang na paghiram ng laruan sa iyong kapatid/kaklase<br><br>4. Kung ikaw ang nagpapahiram ng laruan ipakita ang magalang na |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | kanilang normal na paglaki at pag-unlad. | | pagpapahiram ng laruan |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | **Sabihin ng guro:**<br><br>1. Sa ating naging talakayan at gawain sa araw na ito. Ano ang inyong natutuhan?<br>2. Maaari ba kayong magbigay ng mga halimbawa ng mga karapatan ng bata na iyong tinatamasa? Patunayan<br>3. Mahalaga ba na kilalanin ng pamayanan ang karapatan ng mga bata Pilipino upang matiyak ang kaligtasan at matiwasay na pamumuhay? Ipaliwanag | **Sabihin ng guro:**<br><br>1. Sa ating naging talakayan at gawain sa araw na ito. Ano ang inyong natutuhan?<br><br>2. Magbigay ng dalawa o higit pang karapatan ng isang batang katulad mo na tinatamasa. | **Sabihin ng guro:**<br><br>1. Mula sa naging talakayan, ano sa mga nabanggit na Karapatan ng batang Pilipino ang tinatamasa mo? Ibahagi.<br>2. Mayroon bang mga nabanggit na karapatan ng batang Pilipino na hindi mo natatamasa? Ano ito at bakit?<br>3. Bilang isang batang Pilipino, paano mo pahahalagahan ang iyong mga karapatan? | **Itanong:**<br><br>1. Paano ang wastong pakikitungo sa kapuwa sa iba't ibang situwasyon habang tinatamasa ang mga karapatan mo?<br><br>2. Paano na ang mga pansariling karapatan na kinikilala sa pamayanan ay nagtitiyak sa kaligtasan at matiwasay na pamumuhay ng bawat bata? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagtataya ng Natutuhan* | **Gawain 1.**<br>**Panuto:**<br>Lagyan ng tsek (🌍) ang bilang kung ito ay nagpapakita ng karapatan ng bata. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel<br><br>_____1. Pumapasok sa paaralan araw-araw. | **Gawain 1.**<br>**Panuto:**<br>Piliin sa loob ng kahon ang karapatang tinatamasa ng bata at isulat ang letra ang tamang sagot sa loob ng puso. | **Gawain 1.**<br>**Panuto:**<br>Isulat ang salitang **Magalang** kung ang pangungusap ay nagpapakita ng halimbawa ng mga karapatan at paggalang sa karapatan ng kapwa at HM kung hindi.<br><br>1. Pagsagot ng maayos sa guro.<br>2. Pagrespeto sa mga ideya at saloobin. | **Gawain 1.**<br>***Role-Playing***<br>**Tamang Gawi**<br>1. Pangkatin ang klase sa apat na grupo.<br>2. Ang bawat grupo ay bibigyan ng isang sitwasyon kung saan kailangang ipakita ang |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ______2. Nakararanas ng diskriminasyon sa pamayanang ginagalawan.<br><br>______3. Nakapagbibigay ng sariling pahayag o opinion.<br><br>______4. Naglalaro nang malaya at ligtas.<br><br>_______5. Minamahal ng pamilya at pinoprotektahan. | <br><br>A. nakapag-aaral<br>B. sinasaktan<br>C. makapaglaro<br>D. kumain ng masustansyang pagkain<br>E. tawagin sa pangalan | 3. Sinisigawan ang mga miyemro ng pamilya.<br>4. Mayroon akong sariling pangalan.<br>5. Hindi nakikipagkaibigan sa bagong kaklase sa paaralan.<br><br>Mga sagot:<br>1. Magalang<br>2. Magalang<br>3. HM<br>4. Magalang<br>5. HM | pagiging magalang.<br>3. Ang bawat grupo ay magpapakita ng isang maikling *role-play* o pagsasadula ng tamang kilos sa ibinigay na sitwasyon sa:<br><br>**Paaralan:** Paano mo ipapakita ang respeto sa guro kapag tinawag ka na mag*recite*?<br>**Tahanan:** Paano ang magalang na paghingi ng tulong sa magulang o nakatatanda sa paggawa ng takdang-aralin?<br>**Tindahan/Paleng ke**: Paano ang wastong pakikipag-usap sa mga namamahala ng mga paninda?<br>**Palaruan:** Paano ang wasto at magalang na panghingi ng pagkakataon na makagamit ng pasilidad o *swing* mula sa kapwa? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | **Pagbabahagi ng Gawa:**<br>Pagkatapos ng pagsasadula, tatanungin ang iba pang mag-aaral kung ano ang napansin nilang wastong pakikitungo sa bawat sitwasyon.<br><br>**Rubric sa Pagsusuri**<br>**(Score: 1-5)**<br>**5:** Napakahusay – Naipakita nang buo at may kasanayan ang wastong pakikitungo.<br>**4:** Mahusay – Naipakita ang pagiging magalang ngunit may ilang aspeto na maaaring pagbutihin.<br>**3:** Katamtaman – May pagpapakita ng tamang asal ngunit kulang sa consistency.<br>**2:** Kailangan ng Pagpapahusay – Kailangan pang paghusayin ang |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | pagiging magalang sa sitwasyon.<br>**1:** Hindi Naipakita ang wastong pakikitungo. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | **Panuto:**<br>Sa iyong kuwaderno, isulat ang isang karapatan na hindi mo pa lubusang nauunawaan at nangangailangan pa ng mas malalim na paliwanag. | **Gawain 2.**<br>**Panuto:**<br>Punan ang mga patlang. Isulat ang iyong sagot sa notbuk.<br><br>Bilang mag-aaral ang natutunan ko ngayong araw na ito ay ________________________ .<br><br>Gagamitin ko ang mga natutuhang ito sa pamamagitan ng _________________________. | **Gawain 2.**<br>**Panuto:**<br>Kumpletuhin ang iyong **Pangangako**<br><br>Ako ay isang bata at ako ay may sariling karapatan.<br>Tutuparin ko na ako ay maging isang mabuting _________________ sa aming pamayanan. | **Gawain 2.**<br>**Panuto sa paggawa ng Poster:**<br>(Maaaring magpakita ang guro ng halimbawa ng poster na magsisilbing gabay ng mga mag-aaral)<br>Gumuhit ng isang situwasyon kung saan ipinapakita ang pagiging magalang at pagkilala sa karapatan ng bata<br>(Hal. pagiging magalang sa guro, pagiging ligtas sa paaralan, paggalang sa batas ng komunidad).<br>**Pamantayan:**<br>Pagkamalikhain (30%)<br>Mensaheng nais iparating (40%)<br>Kaayusan at nilalaman (30%) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Mga Tala* | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Paalaala sa Guro | 1. Ang mga gawain ay maaaring ikonteksto ayon sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito<br>2. Mahalagang malinang ang pagpapahalaga na pagiging magalang<br>3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap | | | |
| *Repleksiyon* | Sa araling ito, napagtanto ko, bilang guro na ________.<br><br>Sa araling ito, napagtanto ko, bilang mag-aaral na ______________________. | Sa araling ito, napagtanto ko, bilang guro na ________________.<br><br>Sa araling ito, napagtanto ko, bilang mag-aaral na ___________. | Sa araling ito, napagtanto ko, bilang guro na _______________________.<br><br>Sa araling ito, napagtanto ko, bilang mag-aaral na __________________. | Sa araling ito, napagtanto ko, bilang guro na _____________.<br><br>Sa araling ito, napagtanto ko, bilang mag-aaral na _ . |

CREDIT TO THE ORIGINAL OWNER OF THIS FILE